# KABANATA 1:
# Mga Pinagkukunang-Yaman ng Pilipinas

Ang Pilipinas ay nabiyayaan ng masaganang likas na yaman tulad ng natalakay sa unang yunit ng aklat na ito. Mapalad ang mga naninirahan sa bansa sa pagkakaroon nito ng lokasyong nagdudulot ng magagandang katangiang heograpikal. Ang mga katangiang ito ay malaki ang ginagampanan sa pamumuhay ng mga tao at sa kanilang mga gawaing pangkabuhayan na malaki ang kaugnayan sa pambansang kaunlaran. Ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa at ang mga pakinabang pang-ekonomiko nito ang tatalakayin sa kabanatang ito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa mga bagay na nagmumula sa kalikasan o kapaligiran tulad ng anyong lupa, anyong tubig, hayop, halaman, at mga depositong mineral?
   A. yaman ng lahi
   B. likas na yaman
   C. yamang katutubo
   D. natatanging yaman

2. Ano ang tawag sa mga bagay, pagkain, o produktong karaniwang nakikita at nakukuha sa lupa tulad ng mga pananim, prutas, at gulay?
   A. yamang lupa
   B. yamang tubig
   C. yamang gubat
   D. yamang enerhiya



LIVEWORKSHEETS

3. Anong likas na yaman ang kinabibilangan ng isda, hipon, alimango, pusit, perlas, korales, at iba pang nilalang sa tubig?
   A. lupa
   B. tubig
   C. gubat
   D. mineral

4. Saan makikita ang mga likas na yamang tulad ng iba't ibang uri ng puno, halaman, at hayop?
   A. dagat
   B. gubat
   C. lungsod
   D. himpapawid

5. Anong likas na yaman ang tumutukoy sa lakas na ginagamit upang mapagana o mapaandar ang iba't ibang industriya?
   A. tao
   B. lupa
   C. mineral
   D. enerhiya

6. Ano ang tawag sa mga bagay na makukuha at mamimina sa lupa tulad ng ginto, pilak, tanso, diyamante, marmol, langis, at karbon?
   A. metal
   B. mineral
   C. enerhiya
   D. kayamanan

7. Bakit kapaki-pakinabang ang yamang-tao sa isang pamayanan o bansa?
   A. Pinamamahalaan nila ang isang bansa.
   B. Maaari silang makabuo ng isang pamilya.
   C. Nakatutulong sila sa pag-unlad ng bansa.
   D. Mayroon silang kakayahang maghanapbuhay.



LIVEWORKSHEETS

8. Alin sa mga pinagkukunang enerhiya ng bansa ang nanggagaling sa init na mula sa ilalim ng lupa tulad ng sa *power plant* ng Malitbog sa Kananga, Leyte?

A. *wind*
B. *solar*
C. *hydro*
D. *geothermal*

9. Ano ang pangunahing gawaing pangkabuhayan ng mga naninirahan sa mga kapatagan ng bansa, lalo na sa Gitnang Luzon?

A. pagtitinda
B. pagmimina
C. pagsasaka
D. pangingisda

10. Ano ang pangunahing gawaing pangkabuhayan ng mga naninirahan malapit sa tubig tulad ng dagat, ilog, sapa, at lawa?

A. pagsasaka
B. pangingisda
C. pangangaso
D. pangangalakal

11. Ano ang gawaing pangkabuhayan ng mga naninirahan malapit sa kabundukan kung saan nakakukuha ng mahahalagang mineral?

A. pagtitinda
B. pagtotroso
C. pagmimina
D. pangangalakal

12. Sa anong gawaing pangkabuhayan napakikinabangan ang magagandang tanawin sa bansa sa pamamagitan ng pagbisita ng mga dayuhan dito?

A. pagpipinta
B. pagtitinda
C. transportasyon
D. turismo



LIVEWORKSHEETS

13. Alin sa mga sumusunod ang HINDI gaanong nagpapakita ng mabilis na pag-unlad ng kalakalan at negosyo sa mga lungsod?
    A. makabagong kagamitan
    B. mabilis na transportasyon
    C. maraming gusali at pasyalan
    D. angat na sistema ng komunikasyon

14. Anong gawaing pangkabuhayang ang higit na nakatutulong na matutugunan ang kakulangan sa pangangailangan ng isang lugar?
    A. pagtitinda
    B. pagluluwas
    C. pag-aangkat
    D. pakikipagkalakalan

15. Paano ipaliliwanag ang katangian ng mga gawaing pangkabuhayan ng Pilipinas?
    A. marami at madali lamang gawin
    B. iilan lamang at mahirap pang gawin
    C. may malaking kaugnayan sa kapaligiran
    D. nakatutulong sa pangangalaga ng kalikasan



LIVEWORKSHEETS